Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG OKTUBRE 26, 2009, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:20 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang ALAN T. PAMATMAT | ..... | PANGALAWANG PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. de Leon | ..... | Kagawad |
| *Kagalang-galang Ramon D. Tan* | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Romulo A. Elca | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad |
| *Kagalang-galang Roselon F. Pamatmat* | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Angelito U. Limjuco | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Oscar F. Feliciano | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Isagani R. Malapaya | ..... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| *Kagalang-galang John Carlos C. delos Reyes* | . | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

**KAUTUSAN BLG. 24-T2009**

**KAUTUSANG INILILIPAT ANG HALAGANG ISANG MILYON DALAWANG DAANG LIBONG PISO (Php1,200 ,000.00) MULA SA PONDONG NAKALAAN SA PAGBILI NG SERVICE VEHICLE NG TANGGAPAN NG PUNONG BAYAN UPANG ILAAN SA PAGPAPAGAWA AT PAGPAPAKABIT NG ELECTRONIC BILLBOARD.**

**SAPAGKA'T**, may kahilingan ang Kagalang-galang Punong Bayan sa sangguniang ito na ang pondong nagkakahalaga ng P1,200,000.00 na nakalaan sa pagbili ng Service Vehicle ng Tanggapan ng Punong Bayan ay ilipat at ilaan sa pagpapagawa at pagpapakabit ng Electronic Billboard;

**SAPAGKA'T,** nilayon ng naturang kahilingan na makapagpagawa at makapagpakabit ng electronic billboard upang magsilbing kabatiran, mailiwat at maipaabot sa kamalayan ng mga mamamayan ang lahat ng mga proyekto, programa at gawain ng pamahalaang bayan.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Louie C. de Leon (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi), na pinangalawahan at sinang-ayunan ng higit na nakararaming Kagawad na ngayo'y kaharap, samantalang may pagtutol ang mga Kagalang-galang Kagawad Laura P. Obligacion at Oscar F. Feliciano, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang sumusunod na

**SEKSYON 1** – Ilipat at ilaan ang halagang P1,200,000.00 mula sa pondong inilaan sa pagbili ng service vehicle ng Tanggapan ng Punong Bayan tungo sa pagpapagawa at pagpapakabit ng Electronic Billboard.

**SEKSYON 2** – Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos mapagtibay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kautusang ito ang Kagalang-galang Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Inhinyero at Pambayang Tagapag-ugnay at Tagapagbalangkas sa Kaunlaran, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kautusang ito.

Jeanette P. Alfonso

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

karugtong ng Kautusan Blg. 24-T2009



LOUIE C. DE LEON
Kagawad

RAMON D. TAN
Kagawad

JUN M. ASINAS
Kagawad

ROMULO A. ELCA
Kagawad

LAURA P. OBLIGACION
Kagawad

ROSELON F. PAMATMAT
Kagawad

ANGELITO U. LIMUCO
Kagawad

OSCAR F. FELICIANO
Kagawad

ISAGANI R. MALAPAYA
Kagawad

JOHN CARLOS C. DELOS REYES
Kagawad

NAGPATOTOO:

**ALAN T. PAMATMAT**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan

Republic of the Philippines
Province of Laguna
**MUNICIPALITY OF SANTA CRUZ**
Cailles Street, Poblacion III, Santa Cruz, Laguna
Telephone Number - (049) 501-1008 / 808-2788

Jam
10-30-09
4:45 P.M.

## OFFICE OF THE MAYOR

**1st Endorsement**
October 30, 2009

Respectfully forwarded to the Honorable Members of the **SANGGUNIANG BAYAN**, thru **Ms. JEANETTE P. ALFONSO**, *Secretary,* the herewith attached **Kapasiyahan Blg. 188 and 189 - T' 2009,** duly approved by the undersigned.

For information and appropriate action.

**ARIEL T. MAGCALAS**
Municipal Mayor